# 7

# Kaukulan ng Panghalip na panao

Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**
Naibibigay ang paksa ng napakinggang kwento/usapan F5PN-Ic-g-7

**Wikang Binibigkas**
Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagsasabi ng hinaing o reklamo F5PS-Ig-12.18

**Gramatika**
Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili,sa mga tao,hayop, lugar,bagay at pangyayari sa paligid F5WG-If-j-3

**Pag-unawa sa Binasa**
Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa isang talata F5PB-Ig-8

**Estratehiya sa Pag-aaral**
Nabibigyang-kahuligan ang mapa ng pamayanan F5EP-If-g-2

**Panonood**
Nailalarawan ang tagpuan at tauhan ng napanood na pelikula F5PD-I-g-11

**Paunang Pagtataya**

Ipagawa: Dugtong-Salita

Gamitin ang mga salita sa kahon upang makabuo ng isang pasalitang kwento. Isulat ang mga pangungusap sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| President Duterte | Guro | Sapatos | sasakyan | ama |
| damit | magulang | sundalo | pari | anak |

Matapos ang inilaang oras, ipabasa sa mga mag-aaral ang naisulat nilang pangungusap. Bigyan ng gabay ang mga mag-aaral na nahirapan sa gawain.

12

Layunin

Naibibigay ang paksa ng napakinggang kuwento/usapan

**PAKSANG-ARALIN**

Ang Pangunahing Diwa

**Sanggunian**

LRMDS modyul, F5PN-Ic-g-7

**Mga Kagamitan**

Pentel pen, metacard

**PAMAMARAAN**

**Balik-Aral**

Ano ang panghalip panaklaw?
Magbigay ng pangungusap na gumagamit ng panghalip panaklaw at pagkatapos ay isulat sa pisara ang panghalip na ginamit.

**Pagsasanay**

Pagkatapos ang pagrerebyu ng nakaraang aralin, babasahin ng guro ang seleksyon habang ang mga mag-aaral ay nakikinig.



Matalino si Jose Rizal. Natuto siyang bumasa sa gulang na tatlong taon. Nagtapos siya ng edukasyong elementarya at sekundarya na nangunguna sa klase. Marami siyang kursong natapos. Nag-aral siya ng medisina, pagpipinta, paglililok at pagsulat. Naging matagumpay siya sa mga kursong ito.

**Ano ang pinag-uusapan sa buong talata?**

- Ang mga pangungusap sa buong talata ay nagsasabi tungkol sa katalinuhan ni Rizal.

**Pagganyak**

**Pinagdugtung-dugtong na kwento.** Ang guro ay magbibigay ng isang pangungusap na dudugtungan ng bawat grupo. Sasabihin ng guro ang pangunang pangungusap. Isusulat naman ng isa sa bawat grupo ang kanilang naisip na pangungusap sa metacard. Gagawin ito hanggang sa ang lahat ng grupo ay makapagbahagi ng pangungusap. Bawat grupo ay kailangan makapagbigay ng pangungusap sa loob ng 5 segundo.

Hal. Ang batang si Conrado.___________________

**Paglalahad**

Pagkatapos magbigay ang guro ng pagganyak, kanyang tatanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang kaalaman sa paksa ng isang kwento o usapin.

Pagkatapos marinig ng guro ang ilan sa mga kasagutan mga mag-aaral, ibibigay niya ang tunay na kahulugan nito.

Ang pangunahing diwa ng talata ay tinatawag na paksang pangungusap. Ito ay maaaring matagpuan sa una, gitna o huling bahagi ng talata.

**Pagtatalakay**

Ang pangunahing diwa ay maaaring isa sa mga pangungusap ng talata.
Paksang pangungusap ang tawag sa pangungusap na nagsasabi ng pangunahing diwa ng talata.
May pangunahing diwa ang bawat talata.
Ang ibang talata ay may paksang pangungusap.
Ang paksang pangungusap ay maaaring nasa unahan, gitna, o hulihan ng talata.

1. Ano ang pangunahing diwa? Paksang pangungusap?
2. Saang bahagi ng pangungusap maaaring matagpuan ang paksang pangungusap?

**Pagpapayamang Gawain**

**Paglalahat**

Matapos matalakay ng guro ang tungkol sa pangunahing diwa, kanya itong irerebyu muli upang malaman kung naintindihan o nauunawaan na ba ang mga mag-aaral ang mga ito.

**Paglalapat**

A. Basahin ang talata.

1Itinatag ni Andres Bonifacio ang Katipunan. 2Ito ay noong kumalat ang balita na hinuli at ibinilanggo ng mga Espanyol si Jose Rizal. 3Kaya't nang gabi ng Hulyo 7, 1892 nagpulong sina Andres Bonifacio, Deodato Arellano, Valentin Diaz, Ladislao Diwa at Jose Dizon. 4Nagkasundo sila na gumawa ng paraan upang lumaya ang Pilipinas. 5Nilagdaan nila ang kasunduan ng sarili nilang dugo.

1. Ano ang sinasabi ng talata?
a) Kung ano ang Katipunan
b) Kung paano natatag ang Katipunan
c) Mga gawain ng Katipunero
d) Kung bakit hinuli si Jose Rizal

2. Alin ang paksang pangungusap ng talata?
a) Pangungusap 1 c) Pangungusap 3

b) Pangungusap 2 d) Pangungusap 4
3. Saan matatagpuan ang paksang pangungusap?
a) Unahan c) Hulihan
b) Gitna

**B. Narito pa ang isang talata. Basahin**



Mahirap ang magulang ni Andres Bonifacio. Hindi siya nakapag-aral. Maaga siyang naulila. Siya ang nagpalaki at nag-aruga sa kanyang mga kapatid. Ngunit sa sariling pagsisikap natuto siyang bumasa at sumulat. Tinuruan muna siyang bumasa ng kanyang ate. Napaunlad niya ang kaalamang ito. Nakabasa at nakasulat siya gaya ng nagtapos sa paaralan.

Ano ang pinag-uusapan sa talata?
**Tungkol sa sariling pagsisikap ni Andres Bonifacio na matutong bumasa at sumulat.**
Bakit nagsikap siyang matutong bumasa at sumulat?
**Sapagkat ulila at mahirap siya.**
Paano siya natuto?
**Nagpaturo muna siya at saka siya nagsikap sa sarili.**
Alin ngayon ang paksang pangungusap?
**Ngunit sa sariling pagsisikap natuto siyang bumasa at sumulat.**
Saan ito matatagpuan?
**Sa gitna ng talata.**

**Pagtataya**

Basahin ang Talata.




[1]Itinatag ni Andres Bonifacio ang Katipunan. [2]Ito ay noong kumalat ang balita na hinuli at ibinilanggo ng mga Espanyol si Jose Rizal. [3]Kaya't nang gabi ng Hulyo 7, 1892 nagpulong sina Andres Bonifacio, Deodato Arellano, Valentin Diaz, Ladislao Diwa at Jose Dizon. [4]Nagkasundo sila na gumawa ng paraan upang lumaya ang Pilipinas. [5]Nilagdaan nila ang kasunduan ng sarili nilang dugo.

**1. Ano ang sinasabi ng talata?**
a) Kung ano ang Katipunan
b) Kung paano natatag ang Katipunan
c) Mga gawain ng Katipunero
d) Kung bakit hinuli si Jose Rizal

**2. Alin ang paksang pangungusap ng talata?**
a) Pangungusap 1 c) Pangungusap 3
b) Pangungusap 2 d) Pangungusap 4

**3. Saan matatagpuan ang paksang pangungusap?**
a) Unahan b) Gitna c) Hulihan



Si Andres Bonifacio ay isinilang noong Nobyembre 30, 1863. Isinilang siya sa maliit na dampa sa Tondo, Maynila. Ang kanilang bahay ay nasa tapat ng kasalukuyang istasyon ng tren ng Tutuban. Ang kanyang ama si Santiago Bonifacio ay isang sastre. Ang kanyang ina, si Catalina de Castro ay isang karaniwang maybahay. Tunay na mula sa masa si Andres Bonifacio.

**4. Ano ang tinutukoy ng talata?**
a) Ang bahay nina Andres Bonifacio
b) Ang ayos ng paligid ng Tondo noon
c) Ang pinagmulan ni Andres Bonifacio
d) Ang hanapbuhay ng kanyang magulang

**5. Alin ang paksang pangungusap ng talata?**
a) Si Andres Bonifacio ay isinilang noong Nobyembre 30, 1863.
b) Ang kanyang ama, si Santiago Bonifacio ay isang sastre.
c) Ang kanyang ina, si Catalina de Castro ay isang karaniwang maybahay
d) Tunay na mula sa masa si Andres Bonifacio.

**Takdang Aralin**

Magsulat ng isang talata tungkol sa iyong sariling karanasan. Bilugan ang paksang pangungusap.

2

Layunin

Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagsasabi ng hinaing o di pagsang-ayon

Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan

**PAKSANG-ARALIN**

Kaukulan ng Panghalip na Panao

**Sanggunian**

Pag-Unlad sa Wika at Pagbasa 5, p. 55 - 58
F5PN-Ic-g-7, F5PS-Ig-12.18

**Mga Kagamitan**

Larawan, mga gamit ng mag-aaral, metacards

**PAMAMARAAN**

Balik-Aral

Naalala nyo pa ba ang ating aralin kahapon? Ano ang paksa ng kwentong pinag-aralan natin kahapon?

Pagsasanay

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangunugusap na nakasulat sa meta card.

1. ***Tayo*** ay magtitipid upang mabili natin ang gusto nating mga laruan.
2. Ang ***aking*** lolo ay isang sastre.
3. Ang kamalig ay sinunog ***nila***.

Pagganyak

Ipagawa sa bata ang dayalogo sa Basahin at Pag-aralan

Paglalahad

Ilalahad ng guro ang tatlong kaukulan ng panghalip panao: Kaukulang Palayon, Kaukulang Palagyo at Kaukulang Paari at mga halimbawa.nito.

Pagtatalakay

Talakayin ang nilalaman ng Tandaan Natin

**Pagpapayamang Gawain**

**Paglalahat**

1. Anu-ano ang tatlong kaukulan ng panghalip?
2. Paghambingin ang bawat isa.

3. Ano ang iyong personal na pagkaunawa sa ating aralin?

**Paglalapat**

Isagawa ang pangkatang gawain. Magbuo ng isang dula-dulaan kung saan gagamitin ang tatlong kaukulan ng panghalip. Gamitin ang magagalang na pananalita sa pagrereklamo o di pagsang-ayon. Gawing pokus ng dula-dulaan ang sariling karanasan.

**Pagtataya**

**Kaukulan ng panghalip na panao**: Isulat sa patlang ang PY kung palagyo, PL kung palayon ang nakasalungguhit na panghalip at PR kung paari.

______________________ 1. Aalis tayo mamayang tanghali, pupunta tayo sa mall para kumain.
______________________ 2. Sinusuportahan ako ng aking pamilya sa paligsahan ng pagkanta.
______________________ 3. Sa kanila ang mga libro na ginagamit natin.
______________________ 4. Sila ang matatalinong mag-aaral sa klase.
______________________ 5. Ang lahat ng mga nakikita mo ay amin.

**Takdang-Aralin**

Isulat sa isang buong papel

.

Gumawa ng isang sanaysay o diyalogong ginagamitan iba't – ibang kaukulan ng panghalip. Salungguhitan ang mga panghalip.

3

Layunin

Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa isang talata

**PAKSANG-ARALIN**

Angkop na pamagat ng talata at paggamit ng malalaking titik sa Pamagat

**Sanggunian**

LRMDS modyul, F5PB-Ig-8

**Mga Kagamitan**

Manila paper, pentel pen, makulay na papel

**PAMAMARAAN**

**Balik-Aral**

Bilang pagbabalik-aral, pipili ang guro ng limang mag-aaral, ilalagay nila ang pangungusap sa tamang kolum.

| Kaukulang Palayon | Kaukulang Palagyo | Kaukulang Paari |
|---|---|---|
| | | |

1. ***Tayo*** ay magtulungan upang mabilis natin matapos ang gawain.
2. Ang ***aking*** aso ay isang askal.
3. Ang punong-kahoy ay sinunog ***nila***.
4. **Kami** ang matatalinong mag-aaral sa klase.
5. Ang lahat ng mga nakikita mo ay **akin**.

**Pagsasanay**

Basahin ng malakas ang talata.

Ang niyog (cocos nucifera) ay may karaniwang taas na 6 na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat bawat bahagi nito ay maaari ring sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.

**Pagganyak**

Gamit ang makukulay na papel. Buuin ang maaaring maging pamagat ng seleksyong binasa.

| A | n | g | N | i | y | o | g |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

**Paglalahad**

Ano sa palagay ninyo ang katangian ng isang pamagat ng talata o kwento?

Pagkatapos marinig ng guro ang ilan sa mga kasagutan mga mag-aaral, ibibigay niya ang tunay na kahulugan nito.

Ang pamagat ng isang talata ay nag-uumpisa sa malaking titik.

**Pagtatalakay**

Sa pagbibigay ng pamagat ng isang talata, alamin mo muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento.

Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.

**Pagpapayamang Gawain**

**Paglalahat**

Pagkatapos irebyu ng guro ang mahahalagang puntos sa paggawa ng angkop na pamagat, susubukan ng mga mag-aaral na ibigay ang angkop na pamagat sa talata.

Ang Kawanihan ng Rentas Internas (Bureau of Internal Revenue) ay ang sangay ng pamahalaan na namamahala sa pangongolekta ng buwis ng mga mamamayang may hanapbuhay. Bawat manggagawang Pilipino ay may tungkuling magbayad ng kaukulang buwis. Ang buwis na ibinabayad ang siyang ginagamit na pondo ng pamahalaan sa pagpapaganda at pagpapaunlad ng ating bansa.

a. Ang kawanihan ng Rentas Internas
b. Ang Kawaniihan ng Rentas Internas
c. Ang kawanihan ng internas rentas
d. ang kawanihan ng internas rentas

**Paglalapat**

Isagawa ang pangkatang gawain. Magtalaga ng isang lider sa grupo. Subukang ibigay ang angkop na pamagat ng seleksyon sa paraang patula o pakanta.

1. Si Lapulapu ang unang bayaning Pilipino. Nang matuklasan ni Magellan ang Pilipinas, gusto niyang kilalanin ng mga katutubo ang hari ng Espanya. Tinutulan ito ni Lapulapu at naganap ang digmaan sa pagitan ng mga

Kastila at katutubo kung saan tinalo ni Lapulapu si Magellan at naging sanhi ng pagkasawi nito sa laban.

2. Si Melchora Aquino ay ipinanganak noong ika-6 ng Enero, 1821. Ang kanyang mga magulang ay sina Juan Aquino at Valentina Aquino. Noong kabataan niya ay madalas siyang maimbitahan sa kanilang parokya upang umawit lalung-lalo na sa mga araw ng pabasa. Hinirang rin siyang Reyna Elena ng Santakrusan. Kahit na walumpu't tatlong taon-gulang na si Tandang Sora, ito ay hindi naging hadlang sa kaniyang paglilingkod sa bayan. Lihim niyang tinulungan ang mga katipunerong maysakit at nagugutom.

Maaari kang magkaroon ng sarili mong pamagat.
Ang ibibigay mong pamagat ay maaaring ganito.
1. Lapu-lapu, Bayaning Pilipino
2. Tandang Sora : Ina ng mga Katipunero

**Pagtataya**

Basahin mo ang talata sa ibaba. Isulat ng wasto ang angkop na pamagat sa sagutang papel.

1. Isa sa mga naging mahalagang personalidad sa People Power ay si Hilario G. Davide Jr. Siya ang punung-hukom ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas. Siya rin ang nagtalaga kay dating Pangalawang Pangulo Gloria Macapagal-Arroyo bilang bagong Pangulo ng bansa. Nakamit rin niya ang Ramon Magsaysay Award para sa paglilingkod sa pamahalaan noong 2002, dahil sa kanyang mahusay na serbisyo.

2. Napakahalaga ng bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw ang ating mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin. Ang mga pagkain na mayaman sa bitamina A ay atay (manok o baka) itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas.

3. Ang kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia ay ginaganap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ay ginaganap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakakadalo sa Setyembre. Bago ang mismong araw ng kapistahan, may siyam na araw na novena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa Ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga bangka.

4. Ipinagmamalaki naman sa bahagi ng Rehiyon IV ang Puerto Galera na matatagpuan sa Oriental Mindoro. May 130 kilometro ang layo nito mula sa bahaging Timog ng Maynila. Dinarayo ng mga turista ang mapuputing buhangin sa mga beaches nito. Gayundin, napakaganda ng mga corals at iba pang laman-dagat na makikita sa kailaliman ng mga katubigan.

5. Si Pablo Planas ay isang dating tsuper at mekaniko. Siya ang nakaimbento ng Khaos Super Turbo Charger (KSTC) na isang tipid-gas na gamit para sa mga de-gasolinang sasakyan. Hindi siya nasilaw sa multi-milyong pisong alok ng bansang Amerika para lamang ibenta ang kanyang imbensyon. Ito ang nagpapatunay ng kanyang hangaring makatulong sa ating bayan.

**Takdang Aralin**

Isulat sa wastong paraan ang mga susmusunod na pamagat.

1. ang butihing ina

2. pangangalaga sa ating likas na yaman

3. ANG DAIGDIG NA NILIKHA NG PANGINOON

4. di malilimutang bakasyon sa nayon

5. piyesta sa aming lugar

4

Layunin

Nabibigyang-kahulugan ang mapa ng pamayanan

**PAKSANG-ARALIN**

Mga Pananda sa Mapa

**Sanggunian**

Hiyas sa Pagbasa 5, p. 200, LRMDS modyul
F5EP-If-g-2

**Mga Kagamitan**

Power point presentation, mapa ng komunidad,

**PAMAMARAAN**

**Balik-Aral**

Bilang pagbalik tanaw sa nagdaang aralin itatanong ng guro ang pamagat ng seleksyon.


Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang kapistahan. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron.

Isa pang kilalang tradisyon natin ay ang bayanihan. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang gawain. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo na sa mga lalawigan.

Ang angkop na pamagat ay ______________________________

**Pagsasanay**

Tingnan ang mapa ng Barangay Malinis. Pag-aralan kung nasaan ang ang bawat gusali o ahensiya ng pamayanan.




A. Saang direksyon naroon ang ospital?
B. Saan makikita ang simbahan?
C. Saang direksyon ka tutungo kung ikaw ay nasa paaralan papunta sa tindahan?
D. Mula sa ospital, saang direksyon ka tutungo sa pagpunta sa paaralan?


**Pagganyak**
Ipakanta sa mga bata ang kanta sa ibaba.

Kamusta ka
Halina't magsaya
Ipalakpak ang kamay
At ituro ang paa.
Padyak sa kanan
Padyak sa kaliwa
Umikot ng umikot
Humarap sa iba

**Paglalahad**

Pagbibigay ng impormasyon ng guro sa mga mag-aaral. Sabihin: Malalaman natin ang makikita sa mapa sa pamamagitan ng sagisag. Nakatutulong ang mga sagisag sa paghahanap ng mga lugar o bagay sa mapa. Larawan o guhit ang ginagamit na sagisag sa mapa. Ito ang pananda. Makikita sa pananda ang kahulugan ng bawat sagisag.Tingnan natin ang mapa ng isang pamayanan. Kilalanin ang iba't ibang bagay na ipinakikita sa mapa.

Tingnan natin ang mapa ng isang pamayanan. Kilalanin ang iba't ibang bagay na ipinakikita sa mapa.




**Pagtatalakay**

May mga simbolo at sagisag na makikita sa pamayanan. Ang mga sagisag na ito ay may kani-kaniyang kahulugan. Ang mga ito ang kumakatawan sa mga bagay, estruktura, makasaysayang pangyayari at iba pang maaaring pagkakakilanlan sa bawat komunidad. Ginagamit din ang mga sagisag na ito sa mapa ng pamayanan.

a. Ano ang makatutulong sa paghahanap ng lugar o bagay sa mapa? (sagisag)
b. Paano natin makikita ang kahulugan ng mga sagisag? (sa pamamagitan ng pananda)
c. Anu-ano ang mga ipinakitang mga bagay sa mapa ng pamayanan?

**Pagpapayamang Gawain**

**Paglalahat**

Ang mga sagisag ay mga panandang makikita sa mapa na nakatutulong sa paghahanap ng mga lugar o bagay sa mapa.

**Paglalapat**

Pag-aralan ang mapa. Isulat sa papel ang sinasagisag ng simbolo.

1 

4 

7 







2

5

3




6




8




**Pagtataya**

. Hanapin sa Hanay B ang sagisag na tinutukoy sa Hanay A. Isulat ang tamang sagot sa papel

**Hanay A**


1. Paaralan
2. Simbahan
3. Ospital
4. Bahay
5. Munisipyo

**Hanay B**


A




B




C



D




E



**Takdang-aralin**

Iguhit sa papel ang inyong pamayanan. Maaaring gumamit ng ibang simbolo upang ilarawan ang inyong sariling pamayanan.

5

Layunin

Nailalarawan ang tagpuan at tauhan ng napanood na pelikula

Naipakikita ang pagtanggap sa mga ideya ng nabasang akda/teksto

**PAKSANG-ARALIN**

Suring-Pampelikula

**Sanggunian**

LRMDS modyul, Youtube

**Mga Kagamitan**

Video clip, manila paper, pentel pen

**PAMAMARAAN**

**Balik-Aral**

Anu-ano ang mga simbolo na ginagamit sa paggawa ng mapa ng pamayanan?

**Pagsasanay**

Pag-aralan ang mga salita sa ibaba. Hihingin ng guro ang opinyon ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang nalalaman sa mga salitang nakasulat.

✔ Tema

✔ Mga Tauhan

✔ Banghay

✔ Musika/Sound Effects

**Pagganyak**

Ipapanood sa mga bata ang isang video clip galing sa Youtube (Magnifico)

**Paglalahad**

Pagkatapos marinig ang iba’t-ibang sagot ng mga mag-aaral. Babanggitin ng guro ang tamang kahulugan ng bahagi o elemento ng pelikula.

Tema – nagsasaad ng pinakapaksa, layunin o mensahe

Mga Tauhan – gumaganap ng iba't ibang katauhan o karakter

Banghay – pagkakasunud-sunod ng mga eksena o pangyayari

Musika/Sound Effects – musikang tumutugtog habang mayeksena; mahahalagang tunog na nagbibigay ng higit na kabuluhan sabawat eksena

**Pagtatalakay**

1. Sino ang mga pangunahing tauhan sa pelikula?
2. Anong mensahe ang nais ipahatid ng pelikula?
3. Pagkatapos na mapanood ang pelikula, ano ang iyong naramdaman? Bakit?
4. Mahusay at makatotohanan ba ang kanilang paggaganap? Naaayon ba sa kanilang pananamit, paraan ng pananalita at kilos?
5. Ang mga tauhan ba ay nababagay sa panahon at tema ng pelikula?
6. Ang pag-uugali ba ng mga tauhan ay may kaugnayan sa uri ng kultura at pamumuhay ng mga Pilipino?
7. Maayos ba ang daloy ng mga eksena?
8. Maayos ba ang transisyon o ang pag-usad ng isang "sequence"patungo sa kasunod?
9. Nasusunod ba ang banghay ng pelikula o may mga eksenangsaliwa at hindi dapat naroroon?
10. Angkop ba o may kakulangan ang tunog o musika sa pelikula?

**Pagpapayamang Gawain**

**Paglalahat**

Muling irerebyu ng guro ang iba’t-ibang elemento ng pelikula upang malaman kung natutunan ba ng mga mag-aaral ang katatapos na aralin.

**Paglalapat**

Isagawa ang pangkatang gawain. Magsisilbing kritiko o tagapagbigay-puna ang mga mag-aaral hinggil sa isang akda na isinulat tungkol sa isang pelikula.Isulat sa kahon ang inyong nabuong puna.

| Angkop ba ang??? | | | |
|---|---|---|---|
| Tema ng pelikula | Tauhan ng pelikula | Tagpuan | Musika |
| | | | |

**Pagtataya**

Pagsusuri ng pelikulang napanood batay sa sumusunod na pamantayan:
A.Bumuo ng buod nito
B.Suriin ang pelikula batay sa mga bahagi nito:

1. Istorya. Makatotohanan ba ang istorya? Ang mga inilalahad bang patunay o pagpapatoto ay maraming naganap sa tunay na buhay? Maglahad ka ng mgatiyak na pangyayari sa pelikula?
2. Artista. Angkop ba ang mga artista sa papel na kanilang ginagampanan? Konsistent ba sila sa kanilang ginawang pagganap? Aling bahagi ng pelikula angnagpapakita ng pinakamadula at kagalingan sa pagganap ng tiyak na artista?
3. Sinematograpiya. Paano nakatulong sa ikagaganda ng buong pelikula ang paglalapat ng ilaw, tunog, kasuotan at tagpuan?
4. Musika. Angkop ba ang musika sa tagpo ng pelikula?
5. Aral/Mensahe. Naipahatid ba ng pelikula ang mensaheng nais niyang ipahatid?

**Takdang Aralin**

Pagpapatuloy sa pagsulat bilang gawaing-bahay.

.